Ang mga sumusunod ay ang paraan ng paggamit ng CalPhos:

- Ihalo ang 1-2 kutsarang Calphos sa 1 litrong tubig o 1-2 lata ng sardinas sa bawat 16 litrong tubig.
- Iisprey ang calphos sa lupa.



- Maari rin magbaon ng dinurog na buto sa lupa bilang pataba (1 kutsara kada halaman) bago magtanim o maglipat-tanim.
- Regular na magbomba ng calphos sa ikasampung araw bago mamulaklak at kapag namumunga na ang halaman para sa mas masaganang ani.
- Ihalo ang calphos sa compost para maparami ang taglay na calphos.
- Isama sa pagkain o inumin ng hayop.

Production Team

Consultants
Renato A Maguigad
Center Director

Imelda M. Guillermo
Head, Technical Support Services

Marites E. Frogoso
Head, Training Services

Dr. Jimmy Q. Abarabar
Coordinator Organic Agriculture

Writers
Ma. Norma G. Maddalora
Info. Officer II
Claris M. Alaska
Agriculturist II

Proofreader
Arlyne G. Ong


Layout and Design
Teodoro B. Baui
Artist Illustrator II

References:

- Training of Trainers on AgriPinoy Program, Training Manual. Philippine Rice Research Institute, Science City of Munoz, Nueva Ecija. November 8-12, 2010.
- Natural Farming Inputs. Paper presented during the Training of Trainors on Organic Agriculture, October 24-28, 2011. Bacolod City, Negros Occidental.

Reprinted by:
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Diliman, Quezon City

# PARAAN SA PAGGAWA NG CalPhos



**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
**Regional Training Center-Cagayan Valley**
**ISU-Garita, Cabagan, Isabela/San/San Mateo, Isabela**

Ang Calcium Bone/ Egg (Calcium Phosphate o Calphos) ay tumutulong sa halaman sa pagbuo ng reproductive organ. Sa tulong ng Calphos, ang nitroheno na nasa kapaligiran ng tanim ay magagamit sa pagbuo ng bunga. Pinatitigas at pinatatatag ng Calcium ang halaman dahil iniimbak nito ang mga sustansiyang kinakailangan para maging pundasyon at magamit ng halaman. Ang mga dahilan kung bakit nangalalaglag ang bunga ng pananim ay ang pabago-bagong init at lamig ng panahon, sobrang nitroheno at kakulangan sa Calphos.

Ang kakulangan ng calcium sa katawan ng hayop ay nakapagdudulot ng masama sa kalusugan at kakayahan, lalo na sa inahing hayop. Kakulangan ng gatas, panghihina ng mga buto at paghina ng pangingitlog ay ang mga nangungunang epekto ng kakulangan ng calcium sa katawan ng hayop.

Ang mga sumusunod ay ang paraan ng paggawa ng CalPhos:

Para sa Calcium bone:


Pakuluan ang kalahating buto ng hayop upang mahiwalay ang karne at taba nito.



Ilatag at palami-



Ilagay sa isang plastik container na may isang galong suka ng niyog.



Takpan at buruhin sa loob ng 30 araw.




Para sa Calcium egg:

Isangag ang 3 kilong balat ng itlog hanggang umitim.



Palamigin at ilagay sa plastic container.



Haluan ng 5 galong suka ng niyog. Takpan at buruhin sa loob ng 20 araw.

